



Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

Bakuna

Bakuna para sa mga may HIV/AIDS

Ang HIV ay nakasasama sa immune system. Pinabababa nito ang kakayanan ng katawan na lumaban sa mikrobyo. Samakatwid, importanteng mag-ingat ang mga taong may HIV/AIDS para maiwasan ang magkasakit at magkaimpeksyon.

Mapag-iingat mo ang iyong sarili laban sa mga impeksyon sa tulong ng bakuna. Karaniwang ginagawa ito sa pamamagitan ng isa o sunud-sunod na iniksyon.

Ang iba pang mahalagang paraan para maiwasan ang impeksyon ay sumusunod:

- Pag-inom ng mga gamot para sa impeksyong nauugnay sa AIDS
- Pag-gamit ng kondom sa pakikipag-sex
- Ang hindi paggamit ng karayom ng iba o mga kagamitan sa pagdudurog

Ano ang bakuna?

- Ang bakuna ay iniksyon na nagpapatibay sa immune system upang malabanan ang impeksyon. Kadalasan, ito’y naglalaman ng maliit na bahagi o mahinang anyo ng isang mikrobyo. Pinasisigla nito ang immune system para gumawa ng protinang tinatawag na antibodies na siyang lumalaban sa mikrobyo. Matapos mabakunahan, sa saglit na dumating ang nasabing mikrobyo, ang iyong katawan, ay makapagpapalabas ng mas maraming antibodies para labanan ang mikrobyo at maiwasan ang pagkakasakit.
- May dalawang uri ng bakuna - live vaccine o inactivated vaccine. Ang live vaccine ay galing sa mahina nang uri ng mikrobyo. Ang inactivated vaccine ay galing sa patay na mikrobyo.
- May mga bakuna na para sa lahat, tulad ng mga bakunang binibigay sa mga sanggol at mga kabataan. May mga bakunang para lamang sa mga taong nangaganib na magkaroon ng mga impeksyon. Ang bakuna ay may mga side effects at maaaring magkaroon ng di-malalang kaso ng sakit na siyang ginagamot ng bakuna.

Ano ang kaibhan para sa mga may HIV/AIDS?

Iba’t-iba ang nagiging reaksyon ng mga may HIV/AIDS sa bakuna, ayon sa lagay ng kanilang immune system.

Kung ang iyong immune system ay napakahina (halimbawa: kung kakaunti ang T-Cell [CD4] mo) maaaring hindi makagawa ng sapat na antibodies ang iyong katawan matapos ang bakuna, o hindi magtagal ang buhay ng antibodies. Ang bakuna ay maaaring maging sanhi ng iba pang side effects o mas malalang reaksyon kung ang T-Cell mo ay kakaunti. Ganon pa man, para sa mga PHA, mas malala ang magkasakit kaysa sa mga side effects o reaksyong panandalian lamang. Kausapin mo ang iyong doktor o nars tungkol sa panganib at pakinabang ng bawa’t bakuna. Depende sa lagay ng iyong katawan ang nagiging panganib o pakinabang ng mga ito.

Ayon sa mga patakaran, ang mungkahi para sa mga PHA ay umiwas sa ‘live vaccine’ (tulad



ng bakuna sa smallpox) dahil mas malaki ang panganib na magkaroon ka ng sakit na ito dahil sa bakuna.

Napag-alaman sa mga pag-aaral na mapatataas ng bakuna ang iyong viral load sa loob ng maikling panahon. Palampasin muna ang apat na lingo matapos ang bakuna, bago patingnan ang viral load.

Aling bakuna ang ipinapayo para sa mga may HIV/AIDS?

- **Pneumonia vaccine (Pneumovax):** ipinapayo sa lahat ng PHA minsan sa loob ng limang taon para labanan ang ordinaryong bacterial pneumonia.
- **Flu vaccine (flu shot):** ipinapayo sa lahat ng PHA maliban doon sa mga may allergy sa itlog. Ibinibigay minsan sa isang taon kadalasan sa buwan ng Nobyembre.
- **Tetanus at diphtheria:** ipinapayo sa mga PHA na magpabakuna minsan sa loob ng 10 taon para labanan ang mga pangkaraniwang bakterya na maaaring maging dahilan ng malalang impeksyon.
- **Hepatitis vaccines:** ang bakuna laban sa hepatitis A ay kadalasang naglalaman ng dalawang magkasunod na iniksyong magbibigay ng proteksyon sa 20 taon. Ipinapayo ito lalo na sa mga taong madalas maglakbay. Ang bakuna laban sa hepatitis B ay tatlong sunud-sunod na iniksyong magbibigay ng proteksyon sa loob ng 10 taon. Ipinapayo ito lalo na sa mga lalaking nakikipag-sex sa ibang lalaki at doon sa mga gumagamit ng street drugs o nagtuturok ng gamot. Walang bakuna laban sa hepatitis C.
- **Measles, mumps at rubella (MMR):** ito'y live vaccine na nagbibigay ng proteksyon laban sa tatlong pinaka-pangkaraniwang virus na sa pag-ubo o pagbahin ay maaring kumalat. Ipinalalagay na ito'y ligtas para sa mga PHA na ang T-Cell ay mas mataas sa 200 at hindi para sa mga PHA na mababa ang bilang ng T-Cell.

Ano naman ang mga bakuna para sa paglalakbay?

- Alamin mula sa iyong doktor o isang travel clinic kung anong bakuna ang kailangan mo kung pupunta sa ibang bansa. May mga bansang humihingi ng nakatakdang bakuna sa lahat ng mga maglalakbay.
- Pangkaraniwan nang ipinapayo sa lahat ng naglalakbay ang bakuna sa hepatitis A at B.
- Dapat umiwas ang mga PHA sa live vaccines laban sa kolera, tipos, yellow fever at smallpox o bulutong (vaccinia). Kung pupunta sa bansang nangangailangan ng alin sa mga bakunang ito, humingi ng sulat sa iyong doctor, na nagpapaliwanag na dahil sa iyong kalagayan ay hindi maaring magpabakuna.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.